الأُصُولُ الثَّلَاثَةُ وَ أَدِلَّتُهَا

لِشَيْخِ الإِسْلَامِ مُحَمَّدِ بْنِ عَبْدِالوَهَّاب (رَحِمَهُ الله)

ANG TATLONG USOOL AT ANG MGA KATIBAYAN NITO

Ni Shaykhul-Islam Muhammad bin 'Abdul-Wahhaab
(kaawaan siya ni Allah)

Ipinaliwanag ni
Sheikh Abdul Muhsin Al-Qasim حفظه الله
Imam at Khateeb ng Masjid An-Nabawi

Sa kanyang aklat na
Tayseerul Wusool Ila Sharhi Thalaathatil Usool

Isinalin sa Wikang Filipino ni
Abu Muwahhid Lut Gilman

MODULE 8

At ang mga uri ng pagsamba na ipinag-utos ni Allah	وَأَنْوَاعُ الْعِبَادَةِ الَّتِي أَمَرَ اللهُ بِهَا مِثْلُ:
ay ang Islaam, Imaan, at Ihsaan.	الإِسْلامِ، وَالإِيمَانِ، وَالإِحْسَانِ،
Kabilang din dito ang Du'aa, Khawf, Rajaa,	وَمِنْهُ: الدُّعَاءُ، وَالْخَوْفُ، وَالرَّجَاءُ،
Tawakkul, Raghbah, Rahbah, Khushoo', Khashyah,	وَالتَّوَكُّلُ، وَالرَّغْبَةُ، وَالرَّهْبَةُ، وَالْخُشُوعُ، وَالْخَشْيَةُ، وَالإِنَابَةُ،
Inaabah, Isti'aanah, Isti'aadhah, Istighaathah,	وَالاسْتِعَانَةُ، وَالاسْتِعَاذَةُ، وَالاسْتِغَاثَةُ،
Dhab'h, Nadhr at iba pang mga uri ng mga pagsamba na ipinag-utos ni Allah.	وَالذَّبْحُ، وَالنَّذْرُ، وَغَيْرُ ذَلِكَ مِنْ أَنْوَاعِ الْعِبَادَةِ الَّتِي أَمَرَ اللهُ بِهَا.
Ang lahat ng ito ay kay Allaah, Siyang kataas-taasan. Ang katibayan ay ang Kanyang sinabi,	كُلُّهَا للهِ تَعَالَى ، وَالدَّلِيلُ: قَوْلُهُ تَعَالَى:
"At ang mga Masjid ay tanging kay Allah, kaya't huwag kayong manalangin sa iba bilang kahati ni Allah"	(وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلاَ تَدْعُوا مَعَ اللهِ أَحَداً)
Kaya't sinomang mag-ukol ng alinman dito sa iba liban kay Allah, siya ay Mushrik at Kaafir.	فَمَنْ صَرَفَ مِنْهَا شَيْئًا لِغَيْرِ اللهِ؛ فَهُوَ مُشْرِكٌ كَافِرٌ؛
Ang katibayan ay ang Kanyang sinabi,	وَالدَّلِيلُ: قَوْلُهُ تَعَالَى:
"At sinoman ang manalangin (o sumamba) sa iba pang diyos maliban kay Allah, na wala naman siyang katibayan para dito, kung gayon, ang paghahatol sa kanya ay tanging sa kanyang Panginoon. Katotohanang hindi magtatagumpay ang mga Kaafir (hindi sumasampalataya)."	(وَمَن يَدْعُ مَعَ اللَّهِ الهاً آخَرَ لاَ بُرْهَانَ لَهُ بِهِ فَإِنَّمَا حِسَابُهُ عِندَ رَبِّهِ إِنَّهُ لاَ يُفْلِحُ الْكَافِرُونَ)

At ang mga uri ng pagsamba na ipinag-utos ni Allah ay ang Islaam, Imaan, at Ihsaan

Kabilang sa pabor ni Allah sa Kanyang mga alipin ay ang pagtatalaga Niya para sa kanila ng iba't ibang uri ng pagsamba na daan upang sila ay mapalapit sa Kanya. Hindi nalalaman ng isang tao kung alinman dito ang maaaring maging dahilan ng pagpasok niya sa Paraiso. Sinabi ni Imam ibnul-Qayyim (kaawaan nawa siya ni Allah), ***"Sinomang (magsagawa ng) ibat-ibang mga gawaing kalugod-lugod at kamahal-mahal (kay Allah) sa tahanang ito (sa mundo), iba't iba rin ang tamis at kasarapan (na kanyang matatamasa) sa tahanang yaon (sa kabilang buhay). Dadami yaon ayon sa dami ng kanyang mga gawain dito. Ang pagdaragdag ng kanyang kasayahan at kasarapan doon ay nakadepende sa pagdaragdag niya ng mga (mabubuting) gawain dito. Tunay/katotohanan nagtalaga si Allah para sa bawat gawaing kamahal-mahal at kamuhi-muhi sa kanya ng idinudulot nitong epekto, gantimapala, kasarapan at paghihirap na partikular (para dito) at hindi magkakatulad ng gantimapala o epekto ng bawat gawain. Ito ang dahilan kung kayat nagkakaiba ang kasiyahan ng mga mananahan sa Paraiso at ang paghihirap ng mga mananahan sa Impyerno. Nagkakaiba ang mga kabutihan at kaparusahan doon. Iba-iba ang kabutihan at kaparusahan na naroroon."***

Mas tumataas ang antas ng isang alipin sa kanyang Panginoon kapag dinaragdagan niya ang pagsamba sa Kanya. Sinabi ni Shaykhul-Islam ibnu Taymiyyah (kaawaan nawa siya ni Allah), ***"Ang kaganapan ng mga nilalang ay nasa pagtupad nila sa kanilang pagiging alipin kay Allah. Sa tuwing dinaragdagan ng alipin ang pagpapatupad ng pagsamba ay nadaragdagan din ang kanyang kaganapan at tumataas ang kanyang antas."***

Nang matapos bigyan ng linaw at maipaliwanag ng may-akda na ang obligasyon ay si Allah lamang ang sambahin, nagbigay siya ng mga uri ng pagsamba. **At ang mga uri ng pagsamba na ipinag-utos ni Allah** sa Kanyang mga alipin—na sa pamamagitan ng mga ito ay masasamba mo Siya—ay napakarami. Nagbanggit ang may-akda (kaawaan nawa siya ni Allah) ng labing-pito bilang halimbawa. Sinabi niya, **ang Islaam, Imaan at Ihsaan**, ang tatlong ito ang pinakamatataas na antas ng pananampalataya at pinaka-importante sa mga uri ng pagsamba—kaya dito sinimulan ng may-akda. Mula sa mga haligi ng Islaam tulad ng *Salah* (pagdarasal) at *Siyaam* (pag-aayuno) ay mga uri ng pagsamba. Gayundin ang Imaan, sa pamamagitan ng mga lihim na gawain gaya ng paniniwala kay Allah, sa Kanyang mga anghel, mga kasulatan, mga propeta, sa Huling Araw at ang paniniwala sa *Qadar* (pagtatakda ni Allah) mabuti man o masama. Pati ang pagkatakot, pagmamahal, pag-asa at iba pa. Ang bawat nakakabit sa mga puso ay pasok din sa pagsamba, bagkus ito ang pinakamataas at pinakadakilang uri ng pagsamba.

Ang antas ng Islaam ang pinaka-malawak sa nasasaklawan ng *Deen*. Sinusundan ito ng antas ng Imaan na siyang mas maliit ang nasasakupan kaysa sa lebel ng Islam. At pagkatapos ay ang hangganan ng Ihsaan na mas makipot pa sa dalawang nauna. Ang mga nakakapasok sa hangganan ng Ihsaan ay kakaunti mula sa mga alipin ni Allah. Ito ay antas na dalisay at napakataas, walang nagtatamo nito maliban sa mga pinili ni Allah. Sinabi ni Shaykhul-Islam ibnu Taymiyyah (kaawaan nawa siya ni Allah), ***"Ang mga kalagayan at mga gawain ng mga puso gaya ng pagmamahal kay Allah at sa Kanyang Sugo, pagkatakot kay Allah, pagtitiwala sa Kanya, pagtitiis sa Kanyang hatol, pagpapasalamat, pagbabalik-loob, o pagiging dalisay ng mga gawain para sa Kanya, nagkakahigitan ang mga tao dito at walang nakaka-alam sa mga sukat o antas nito maliban si Allah (ang Kapangyarihan at Kadakilaan ay sa Kanya)."***

Kabilang din dito ang Du'aa, Khawf, Rajaa, Tawakkul, Raghbah, Rahbah, Khushoo', Khashyah, Inaabah, Isti'aanah, Isti'aadhah, Istighaathah, Dhab'h, Nadhr at iba pang mga uri ng mga pagsamba na ipinag-utos ni Allah.

Kabilang din dito sa mga pagsambang ipinag-utos ni Allah ay **ang Du'aa** (Panalangin)at paghingi sa Kanya ng mga pangangailangan, **Khawf** (Pagkatakot) sa Kanya at **Rajaa** (Pag-asa) o paghahangad ng anumang mula kay Allah. Ang **Tawakkul** (Pagtitiwala) o ang pagsasalalay sa Kanya ng mga bagay/kaganapan, ang **Raghbah** (Pagnanais) sa (gantimpalang mula sa) Kanya at **Rahbah** (Kaba) sa Kanya (ng kaparusahan). Ang **Khushoo'** (Kababaang-loob) para sa Kanya, ang **Khashyah** (Pangamba) sa (sa Kanyang Galit) at **Inaabah** (Tuluyang paghingi ng tawad) at pagbabalik-loob sa Kanya. Ang **Isti'aanah** (Paghingi ng tulong) ay marapat na sa Kanya, ang **Isti'aadhah** (Pagpapakupkop/Paghingi ng proteksyon), at **Istighaathah** (Pagsusumamo) sa Kanya. Ang **Dhab'h** (Pagkatay) ay alang-alang lamang sa Kanya at ang hindi pagsasagawa ng **Nadhr** (Panata) para sa iba. **At iba pang mga uri ng mga pagsamba na ipinag-utos ni Allah**, gaya ng pagiging mabuti sa mga magulang, pagdurugtong ng ugnayan ng sinapupunan (pagiging mabuti sa mga kamag-anak), pagiging mabait sa mga bisita, mabuting pag-uugali at ang bawat minamahal o kinalulugdan ni Allah mula sa mga salita at gawain, ito man ay lantad o lihim—ito ay maituturing na pagsamba. Sinabi ni Shaykhul-Islam ibnu Taymiyyah (kaawaan nawa siya ni Allah), ***"Ang (salitang) pagsamba ay salitang sumasaklaw sa bawat minamahal o kinalulugdan ni Allah, mula sa mga salita o gawain, lihim man o hayag."***

Napapaloob sa pagsamba ang lahat ng uri ng pagsunod at naglalaman ito ng ganap na pagmamahal, ganap na pagdadakila, ganap na pag-asa, pangamba, pagrespeto at pag-aalay. Sinabi ni Imam ibnul-Qayyim (kaawaan nawa siya ni Allah), ***"Ang pagpapa-alipin (at pagsamba lamang kay Allah) ay pinagsasama ang kaganapan ng pagmamahal, buong pagpapakumbaba, at lubos na pagtalima sa Kanyang mga pag-uutos para sa ikalulugod Niya. Magkagayon, ito ang (pinakamataas na) mithiin na wala nang mas tataas pa dito."***

Ang lahat ng ito ay kay Allah—Siyang kataas-taasan, at ang katibayan ay ang Kanyang sinabi, "At ang mga Masjid ay tanging kay Allah, kaya't huwag kayong manalangin sa iba bilang kahati ni Allah" Kaya't sinomang mag-ukol ng alinman dito sa iba liban kay Allah, siya ay Mushrik at Kaafir.

Ang lahat ng mga uri ng pagsamba na **ito ay kay Allah—Siyang kataas-taasan,** at walang anuman sa mga ito ang magiging tama kung alang-alang sa iba maliban kay Allah. **Ang katibayan ay ang Kanyang sinabi, "At ang mga Masjid,** mga pook para sa pagdarasal o lugar para sa pagpapatirapa **ay** pagmamay-ari at **tanging kay Allah, kaya't huwag kayong manalangin** o magpapatirapa dito para **sa iba**, huwag kayong magtatambal ng anuman **bilang kahati ni Allah** sa kalupaan—kahit sino pa siya. Dahil ang buong kalupaan ay pagmamay-ari lamang ni Allah kaya't Siya lamang mag-isa ang sambahin ninyo dito.

Kaya't sinomang mag-ukol ng alinman dito sa mga pagsamba na binanggit ng may-akda o iba pang (uri ng pagsamba) kahit pa ito ay maliit o magaan (para sa isang tao) at iniukol niya ito **sa iba liban kay Allah**, halimbawang nanalangin siya sa iba—tulad ng mga namatay, mga rebulto at mga puno—o di kaya'y umasa siya sa mga ito o natakot sa kanila. Humingi man siya sa kanila ng mga pangangailangan, o humiling upang maibsan ang kanyang mga paghihirap at iba pang gaya nito, **siya ay Mushrik at Kaafir**. Siya ay nakagawa ng Shirk at Kufr na nakapagpapalabas sa relihiyon, sinabi ni Shaykhul-Islam ibnu Taymiyyah (kaawaan nawa siya ni Allah), ***"Dahil ang lahat ng mga Muslim ay nagkakasundo ayon sa mga dapat na nalalaman sa pananampalatayang Islam, na ang isang alipin ay hindi maaaring sumamba, manalangin, magsumamo, o di-kaya'y magtiwala maliban kay Allah. At ang sinomang***

sumamba, nanalangin o nagsumamo sa (isang) anghel na malapit (kay Allah), o sa propetang isinugo, ay isa siyang Mushrik (nagtatambal kay Allah)."

At ang pinagkaiba ng Shirk (pagtatambal kay Allah) at Kufr (kawalan ng pananampalataya): Ang Kufr ay mas malawak, ang bawat Mushrik (nagtatambal kay Allah) ay Kaafir (walang pananampalataya) subalit hindi ang kabaligtaran—hindi lahat ng Kaafir (walang pananampalataya) ay Mushrik (nagtatambal). Kaya't sinomang ma*tawaaf* (halimbawa ng *tawaaf* ang pag-ikot sa Ka'bah bilang pagsamba kay Allah) sa isang libingan o di kaya'y nanalangin sa iba liban pa kay Allah, siya ay Mushrik (mapagtambal kay Allah) at matatawag ding Kaafir (nawalan ng pananampalataya).

Sa kabilang banda, ang sinomang nanlait/nangutya sa anumang bahagi ng pananampalatayang Islam, siya ay Kaafir (nawalan ng pananampalataya) nguni't hindi siya matatawag na Mushrik (nagtatambal kay Allah). Dahil wala siyang anumang itinambal kay Allah pero ang panlalait/pangungutya niya (sa anumang bahagi ng Islam) ay Kufr (kawalan ng pananampalataya). Gayunpaman, ang matatamasa ng Kaafir at Mushrik sa kabilang buhay ay magkatulad at pareho silang mananatili (magpakailanman) sa apoy ng Impyerno—magpakupkop tayo kay Allah! Sinabi Niya hinggil kaukulang parusa ng Kaafir,

إِنَّ اللَّهَ لَعَنَ الْكَافِرِينَ وَأَعَدَّ لَهُمْ سَعِيرًا

"Katotohanang isinumpa ni Allah ang mga Kaafireen (hindi sumasampalataya), at Kanyang inihanda sa kanila ang Naglalagablab na Apoy."*(Surah al-Ahzaab 33:64)*

Sinabi naman Niya hinggil sa kung ano ang kahihinatnan ng Mushrik,

إِنَّهُ مَن يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ

"Katotohanan, ang sinomang nagtatambal kay Allah ay ipinagbawal ni Allah para sa kanya ang Paraiso at ang hantungan niya ay Impyerno. At walang makakatulong sa mga mapagmalabis."*(Surah al-Maa'idah 5:72)*

Ang katibayan ay ang Kanyang sinabi "At sinoman ang manalangin (o sumamba) sa iba pang diyos maliban kay Allah, na wala naman siyang katibayan para dito, kung gayon, ang paghahatol sa kanya ay tanging sa kanyang Panginoon. Katotohan ang hindi magtatagumpay ang mga Kaafir (hindi sumasampalataya).

Ang katibayan na ang sinomang mag-ukol para sa iba ng alinmang uri ng pagsamba ay Mushrik at Kaafir, **ay ang Kanyang sinabi, "At sinoman ang manalangin** o mag-ukol ng anumang uri ng pagsamba **sa iba pang diyos maliban kay Allah,** tulad ng mga namatay, mga rebulto, mga bato at iba pa. **Na wala naman siyang malinaw na katibayanpara dito,** wala siyang katuwiran o ebidensya para bigyang katuwiran ang pagtatambal niya kay Allah sa mga pagsamba na yaon. (Ang punto ay hindi nangangahulugan na kung mayroon silang ebidensya o sariling pangangatwiran ay magiging tama na ang kanilang ginagawa.) Ito ay pagpapaliwanag na walang sinoman ang may katuwiran na gumawa ng Shirk dahil ang ginagawa nilang mga pagsamba ay walang tamang katibayan, ito ay dulot lamang ng pagkaligaw at sariling pagnanasa. Hindi ito bunga ng patnubay o rebelasyon, kaya't sinomang gumawa nito ay pinangakuan ni Allah ng Kanyang Salita, **kung gayon, ang paghahatol** at pagpaparusa **sa kanya ay tanging sa kanyang Panginoon** sa Araw ng Muling-Pagkabuhay. Ito ay sa pamamagitan ng pananatili niya (magpakailanman) sa Apoy, **katotohanang** sinoman na

magtambal kay Allah—ay **hindi magtatagumpay** dito sa mundo o sa kabilang-buhay **ang mga Kaafir,** silang mga lumabas sa pananampalatayang Islam. Sa talatang ito ay napakaliwanag na katibayan ang matatagpuan sa Kufr (kawalan ng pananampalataya) ng sinomang nanalangin sa iba kasama si Allah, mapa-anghel, propeta o libingan man ang kanyang pinananalanginan.

MATAPOS ANG MODULE NA ITO, DAPAT AY MAKAKAYA NG MAG-AARAL NA IPALIWANAG ANG MGA USAPIN GAYA NG MGA SUMUSUNOD:

1. Ano ang pinagkaiba ng Shirk at Kufr?
2. Magbigay ng mga pagsambang hindi hayag (mga gawaing nakakabit sa mga puso).
3. Ano ang hantungan ng mga nagtambal kay Allah at hindi mananampalataya? Bigyang katuwiran.